# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Filipino Baitang 2
## Ikaapat na Markahan

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Aralin 1: Paggamit sa Talaan ng Nilalaman at Indeks

**A. Panimula**

**1. Balik-aral**

Magbabalik-aral tungkol sa mga bahagi ng aklat.

**Bahagi ng Aklat**

Ang karaniwang bahagi ng aklat ay ang sumusunod:

**Pabalat** – Dito makikita ang pamagat ng aklat at ang pangalan ng awtor o may-akda.

**Pamagat** – Ito ang pangalan ng aklat.

**Pahina ng Pamagat** – Nakasulat dito ang pangalan ng aklat, tagalimbag, at ang lugar at taon na nailimbag ang aklat.

**Pahina ng Karapatang-ari** – Makikita rito ang karapatang-ari ng tagalimbag, kung ilang edisyon, kailan inilimbag, at maikling impormasyon tungkol sa awtor.

**Paunang Salita** – Ito ang nagsisilbing introduksiyon o panimulang salita tungkol sa aklat.

**Talaan ng Nilalaman** – Listahan ng pamagat ng mga yunit, aralin, at kasanayan, at ang bilang ng pahina na katatagpuan ng mga ito.

**Katawan ng Aklat** – Ito ang pinakamahalagang bahagi ng aklat.

**Talasanggunian** – Dito makikita ang pinagkunan o pinagbatayan ng impormasyon ng awtor.

*Ang Wikang Filipino 1* (DIWA)
Nina Leticia C. Pagkalinawan
at Loreta A. Yarte, pahina 4–6

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naisasagawa ang mapanuring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan

**Pamantayang Pagganap:**

Nababasa ang kuwento nang tahimik at nabibigyan ng sariling pamagat ang kuwento o tekstong pang-impormasyon

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa nabasang tekstong pang-impormasyon
2. Nabibigyan ng sariling pamagat ang isang kuwento
3. Nagagamit nang wasto ang *index* ng aklat

**Sanggunian:**

*Ang Wikang Filipino 2*, pahina 226–229

**2. Pagganyak**

Magpakita ng isang aklat sa mga mag-aaral. Iisa-isahin ang halimbawa ng bawat bahagi ng aklat. Pakuhanin din ang mga mag-aaral ng kanya-kanyang aklat *(iyong may indeks)* at ipagawa rin ang pag-iisa-isa sa mga bahagi ng aklat.

Mga Tanong:

a. Ano-ano ang nakita ninyong bahagi ng aklat?

b. Ano-ano ang gamit ng bawat bahagi?

c. Aling bahagi ang pinakamahalaga?

d. Aling bahagi naman ang pinaka-nakatutulong sa inyo?

e. Sa inyong pagbubuklat, anong bahagi ng aklat ang nakita ninyo ngunit hindi natin natalakay?

**B. Katawan**

**1. Paglalahad**

Magsulat ng pamagat ng kuwento o teksto at ipabasa ito sa mga mag-aaral.

***Paggamit sa Talaan ng Nilalaman at Indeks***

**2. Pagbibigay ng Pangganyak na Tanong**

Paano nga ba ang wastong paggamit ng Talaan ng Nilalaman at Indeks?

**3. Pagbasa ng Kuwento**

a. Pamantayan sa Pagbasa ng Tahimik

- Umupo nang tuwid.
- Hawakan nang wasto ang aklat.
- Gamitin lamang ang mga mata sa pagbasa.

**Kagamitan:**

Aklat



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

b. Pagbasa

**Paggamit sa Talaan ng Nilalaman at Indeks**

Naatasan sina Elsa at Ram na bumuo ng presentasyon para sa pagdiriwang ng United Nations Day. Nakahiram sila ng aklat ng tula sa silid-aklatan. Binuklat nila ang aklat ngunit wala silang makitang magandang tula na angkop sa pagdiriwang.

Sa ganitong sitwasyon sila nakita ng kuya ni Ram.

"O, Ram. Bakit ganiyan ang hitsura ninyo? Para bang lungkot na lungkot kayo?" usisa ng Kuya.

"Paano kasi, Kuya, kanina pa kami naghahanap ng tula para sa presentasyon namin, wala kaming makita", malungkot na sagot ni Ram.

Sinubok n'yo na bang tingnan ang talaan ng nilalaman o indeks kaya?" tanong niyang muli.

"Naku, hindi pa po. Ano po ba ang mga 'yon?" tanong naman ni Elsa.

"Ang talaan ng nilalaman ay pahina sa bandang unahan ng aklat. Makikita ninyo rito ang pamagat at pahina ng nilalaman ng aklat. Ang indeks naman ay nasa hulihang bahagi ng aklat. Dito naman ninyo makikita ang mahahalagang salita o paksa na tinatalakay sa aklat. Nakaayos ang mga salitang ito nang paalpabeto. Nakatala rin dito ang pahina kung saan makikita ang mga salita," paliwanag ng Kuya.

"A, gano'n ba, Kuya?" naliwanagang sagot ni Ram.

"O, heto. Tingnan ninyo. Nasa pahina 170 ang tulang, 'Mga Bansang Nagkakaisa.' Dito naman sa indeks, ang salitang 'nagkakaisang bansa' ay nasa hanay ng titik N, pahina 170 rin," pagpapakita ng Kuya.

"*Wow,* oo nga! Napakalaki palang tulong ng talaan ng nilalaman at indeks," manghang sabi ni Elsa.

"Salamat, Kuya," nakangiting sabi ni Ram.

Sipi mula sa *Ang Wikang Filipino 2* (DIWA)
Nina Leticia C. Pagkalinawan,
PhD at Raquel B. Bunag pahina 224

4. **Pagsagot sa Pangganyak na Tanong**

   Paano nga ba ang wastong paggamit ng Talaan ng Nilalaman at Indeks?

5. **Talakayan**

   a. Mga Tanong:

      1) Tungkol saan ang binuong presentasyon nina Elsa at Ram?
      2) Sino ang nakakita at nakatulong kanila Elsa at Ram?
      3) Ano ang ipinaliwanag ng Kuya ni Ram tungkol sa talaan ng nilalaman at indeks?
      4) Bakit mahalagang gamitin ang talaan ng nilalaman at indeks?
      5) Kung bibigyan mo ng sariling pamagat ang kuwento o tekstong pang-impormasyon na ating binasa. Anong pamagat ang maibibigay mo rito?

   b. (Wika) Wastong Paggamit ng *Index* ng Aklat

      Ang **Indeks o *Index*** ay iyong nasa hulihang bahagi ng aklat. Naglalaman ito ng mahahalagang salita o paksa na tinalakay sa loob ng aklat. Nakaayos ito ng paalpabeto at may pahina kung saan matatagpuan ang mahahalagang salita sa loob ng aklat.

6. **Paglalapat**

   Kumuha ng isang malinis na papel. Isulat dito nang paalpabeto ang sumusunod na nilalaman ng indeks:

**P**

| | |
|---|---|
| pangngalan, 7 | pang-abay, 48 |
| panghalip, 16 | pang-angkop, 56 |
| pandiwa, 28 | pang-ugnay, 67 |
| pang-uri, 36 | pangungusap, 102 |



Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**7. Pagtataya**

Ipagawa sa mga mag-aaral: Tumingin sa indeks ng aklat ninyo sa Filipino. Kumuha ng limang salita o paksa na sa tingin ninyo ay kailangan pa ninyo ng tulong upang matutuhan ito nang husto. Pagkatapos, isulat sa tapat ng paksa/ salita kung saang pahina nakikita.

| | Paksa | Pahina |
|---|---|---|
| 1. | ______________________ | ________ |
| 2. | ______________________ | ________ |
| 3. | ______________________ | ________ |
| 4. | ______________________ | ________ |
| 5. | ______________________ | ________ |

**C. Kongklusyon**

**1. Paglalahat**

Itanong sa klase kung ano ang natatandaan nila tungkol sa indeks.

**2. Pagpapahalaga**

Sabihin sa klase na ang lahat ng bagay na mahirap gawin ay maaaring mapadali sa iba't ibang paraan tulad din ng paghahanap ng isang paksa sa loob ng aklat na may talaan ng nilalaman at indeks na maaaring makatutulong. Mahalaga lamang na alamin ang tamang gamit nito.

**3. Takdang Aralin**

Ipagawa sa mga mag-aaral: Mamili ng isang bahagi ng aklat na sa tingin mo ay pinakamahalaga, at humanap ng halimbawa nito. Ipaliwanag sa klase kung bakit ito ang iyong napili. Maaaring humingi ng tulong o gabay mula sa nakatatanda sa inyong bahay.

## Aralin 2: Pagtanggap ng Tawag sa Telepono

**A. Panimula**

**Pagganyak**

Magtanong kung sino-sino sa mag-aaral ang may magulang o kamag-anak na nagtatrabaho sa ibang bansa. Itanong kung paano sila nagkakaroon ng komunikasyon o pakikipag-ugnayan sa kanila.

**B. Katawan**

**1. Pagsagot sa Pangganyak na Tanong**

a. Paano mababawasan ang pangungulila ng mga manggagawa sa ibang bansa?

b. Ano-ano ang paraan sa patuloy na pagkakaroon ng komunikasyon sa mga mahal sa buhay na nagtatrabaho sa ibang bansa?

c. Paano kayo sumasagot ng tawag sa telepono?

**Magalang at Wastong Pakikipag-usap sa Telepono**

| Sa Tumatawag | Sa Nakasagot ng Tawag |
|---|---|
| Bumati nang magalang ayon sa oras ng pagtawag sa nakasagot sa telepono.<br>Magpakilala nang maayos.<br>Ipahayag nang magalang ang pakiusap para sa taong nais makausap.<br>Magpasalamat. | Sagutin ang pagbati nang tumawag.<br>Sabihin kung makakausap o hindi ang taong nais kausapin ng tumawag.<br>Kunin nang kompleto ang mensaheng sasabihin ng tumawag. |

**2. Pag-unawa sa Binasa**

Kumuha ng kapareha ang mga mag-aaral. Magsagawa ng diyalog o ng pakikipag-usap sa telepono. Ang isa ang magkukunwaring tatawag at ang isa naman ang sasagot. Gawing gabay ang tamang pagtawag at pagsagot sa telepono na nasa binasang teksto.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan, at damdamin

**Pamantayang Pagganap:**

Nagagamit ang magagalang na pananalita sa angkop na sitwasyon, nakabubuo ng isang talata, at nakasusulat ng liham sa tulong ng guro

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nagagamit ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon (pagtanggap ng tawag sa telepono)
2. Nakabubuo ng isang talata sa pamamagitan ng pagsasama-sama sa magkakaugnay na pangungusap


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

(Wika) Pagbuo ng talata

Bukod sa pagtawag sa telepono, maari ring sa pamamagitan ng liham ipadala ang mensahe natin sa mga taong nalalayo sa atin. Sa pagsulat ng liham, bumubuo tayo ng talata. Ang pagbubuo ng talata ay ang pagsasama-sama ng mga magkakaugnay na pangungusap.

Sa pagsasama-sama ng mga magkakaugnay na pangungusap upang bumuo ng isang talata, kinakailangang isaalang-alang ang pagsulat nang may tamang bantas. Ang unang pangungusap ng talata ay nakapasok o naka-*indent*. Nagsisimula sa malaking titik ang simula ng bawat pangungusap. Nagtatapos naman ito sa bantas.

(Wika) Pagsulat ng Liham

Pagsulat ng liham sa patnubay ng guro

**Liham-Pangkaibigan**

- Ang **liham-pangkaibigan** ay isang pasulat na anyo ng pakikipagtalastasan na karaniwang ipinadadala sa kamag-anak, kaibigan, o taong malapit na kakilala.
- May limang bahagi ang liham-pangkaibigan.
    1. **Pamuhatan –** Nakasulat dito ang tirahan ng sumulat at ang petsa ng pagsulat.
    2. **Bating Panimula –** Dito nakasulat ang pangalan ng taong pinadalhan ng liham. Nagtatapos ito sa kuwit (,). Tinatawag din itong bating pambungad.
    3. **Katawan ng Liham –** Dito nakasulat ang mga nais sabihin ng nagpadala ng liham. Isinusulat ito nang patalata.
    4. **Bating Pangwakas –** Nagsasabi ito ng huling pagbati ng sumulat. Nagtatapos ito sa kuwit (,).
    5. **Lagda –** Ito ang pangalan ng taong nagpadala ng liham. Walang bantas ang hulihan nito.

Sipi mula sa *Gintong Diwa 2,* pahina 357
nina Nilda M. Avecilla at Liza M. Lemi

3. Nakasusulat ng liham sa tulong ng padron mula sa guro

**Sanggunian:**

*Buklod 2*, pp.157–163
*Filipino sa Bagong Siglo 2*, pp. 132–133

**Mga Kagamitan:**

Aklat, Liham

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

Narito ang halimbawa ng liham-pangkaibigan at mga bahagi nito.

(Pamuhatan) Blk 1 Lot 4 Jupiter St.
B.F. Homes, Novaliches,
Quezon City
Marso 8, 2014

Mahal kong Danny, (Bating Panimula)

Nais sana kitang anyayahan sa pista ng aming bayan sa Mayo 15. (Katawan ng Liham)

(Bating Pangwakas) Sumasaiyo,
(Lagda) Chito

**3. Paglalapat**

Gumawa ng liham na may dalawa hanggang tatlong talata. Tiyaking kompleto ang bahagi ng liham. Tiyakin ding tama ang bantas at baybay.

**C. Kongklusyon**

**1. Paglalahat**

Nagagamit ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon (pagtanggap ng tawag sa telepono). Nakabubuo ng isang talata sa pamamagitan ng pagsasama-sama sa magkakaugnay na pangungusap. Madali ang pagsulat ng liham sa tulong ng padron mula sa guro.

**2. Pagpapahalaga**

Panuto: Kulayan ng pula ang puso kung ang pangungusap ay dapat sabihin o isulat sa mga kapamilya na nagtatrabaho sa ibang bansa.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

1. Nangungulila na po kami sa inyo.
2. Sana po ay ibili ninyo ako ng mamahaling laruan.
3. Ingatan po ninyo ang inyong sarili.
4. Huwag muna kayong uuwi para hindi na tayo maghirap.
5. Lagi po naming kayong ipinagdarasal.

**3. Takdang Aralin**

Ipagawa sa mga mag-aaral: Bumuo ng isang liham nang wala ng padron. Maaaring para sa kaibigan o para sa isang kamag-anak na nasa malayong lugar. Ipadala ito sa pamamagitan ng *e-mail*. Magpatulong sa isang nakatatanda sa paggawa ng *e-mail address* o kaya nama'y gamitin ang *e-mail account* ng kapatid o magulang.

## Aralin 3: Maikling Kuwento: Ang Piniling Planeta

**A. Panimula**

**Pagganyak**

Magpakita ng larawan ng araw at mga planeta. Magtanong ukol dito.



1. Ano-ano ang nakikita ninyo sa larawan?
2. Paano ninyo ito ilalarawan?
3. Batay sa larawang ito, sa tingin ninyo, tungkol saan kaya ang ating kuwento?

**B. Katawan**

**1. Paglalahad**

Magsulat ng pamagat ng kuwento o teksto at ipabasa ito sa mga mag-aaral.

**2. Pagbibigay ng Pangganyak na Tanong**

Mula sa pamagat na ito, "Ang Piniling Planeta", ano-ano ang nais ninyong malaman o matutuhan mula sa kuwento?

**3. Pagbasa ng Kuwento**

Pamantayan sa Pagbasa nang may Damdamin:

- Tumayo nang maayos.
- Hawakan nang wasto ang aklat.
- Iangkop ang tinig sa damdaming ipinahahayag ng mga tauhan.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naisasagawa ang mapanuring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan

**Pamantayang Pagganap:**

Nakikinig at nakatutugon nang angkop at wasto

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Natutukoy ang mga suliranin sa nabasang teksto o napanood
2. Nabibigyang-kahulugan ang mga simpleng *graph*
3. Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita sa paggamit ng mga palatandaang nagbibigay ng kahulugan
4. Naisasalaysay muli ang binasang teksto sa pamamagitan ng *story grammar*


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**Ang Piniling Planeta**

Isang araw, tumawag ng pulong ang hari ng mga planeta. Isa-isang dumating ang siyam na planeta. Lahat sila ay nakabihis nang maganda.

Nang magkatipon-tipon na ang lahat, nagsalita ang hari. "Alam kong nagtataka kayo kung bakit ako tumawag ng pulong. Ipinatawag ko kayo dahil naghahanap ako ng isang planeta—isang planeta na paglalagyan ko ng mga nilikhang natatangi,"

Bumaba ang hari mula sa trono. Isa-isa niyang tiningnan ang mga planeta. Sinuri niya ang katangian ng bawat isa. Pagkatapos, pumasok siya sa isang kuwarto upang pag-isipan kung sino ang pipiliin.

Naghihintay naman sa labas ang lahat ng planeta. "Tiyak na ako ang mapipili. Ako yata ang pinakamaganda sa lahat," pagyayabang ni Venus.

"Huwag kayong maingay. Hayan na ang hari," utos ni Jupiter.

Sabik na sabik ang lahat sa sasabihin ng hari. Nagsimulang magsalita ang hari.

"Para sa akin, lahat kayo ay dapat piliin. Ngunit iisa lamang ang maaaring tirahan ng mga natatanging nilalang na ito—isang planeta na buong-pusong mag-aalaga sa kanila. Ikaw, Daigdig, ang napili ko. Sa iyo ko ipagkakatiwala ang mga tao. Mahalin mo sila at maging masaya kayo."

Dumaan ang mga taon. Ang masaya at tahimik na pagsasama ng mga tao at ni Daigdig ay nagbago. Sinira ng mga tao ang mga punongkahoy, bungangkahoy, at mga pananim na bigay ni Daigdig. Dinumihan nila ang mga bahaging tubig. Napuno ng usok at masamang hangin ang himpapawid. Ang matabang lupa ay naging tigang. Ang paligid ay napuno ng basura.

"Saan kaya ako nagkamali? Kailan pa kaya sila magbabago? Mahal na hari, tulungan mo ako," pagsusumamo ni Daigdig.

Narinig ng hari ang panawagan ni Daigdig.

5. Nakasusulat ng isang tugma-tugmaan

**Mga Kagamitan**:

- Aklat
- Larawan ng mga Planeta
- *Graph*

"Maghintay ka pa ng ilang panahon. Magbabago rin ang mga nilalang na iyan. Parurusahan ko sila. Maghihirap sila. Wala na silang biyayang makukuha sa iyo. Kailangan na silang gumawa para sa sarili nila."

Sipi mula sa *Filipino sa Bagong Siglo 2*
nina Carolina P. Danao, Lydia B. Liwanag,
Fedeliza G. Sebastian, at Enedina G. Villegas
Araceli M. Villanueva (Koordineytor), pahina 128–129

**Talasalitaan**

Ang paggamit ng **pahiwatig** ay isang madali at mahusay na paraan upang makuha ang kahulugan ng mga salita. Ito ay nakukuha sa mga parirala, pangungusap, o sitwasyon sa kuwento. Ang kahulugan ng salita ay ayon sa pagkakagamit nito sa kahulugan ng parirala, pangungusap, o sitwasyon sa kuwento.

Ipagawa sa mga mag-aaral: Alamin kung gaano ka kahusay sa pagkuha ng kahulugan ng mga salita ayon sa kung paano ito ginamit sa teksto. Pagtapatin ang mga salita sa Hanay A sa mga kahulugan nito sa Hanay B. Gamitin ang mga pahiwatig sa kuwentong iyong binasa.

| | A | | B |
|---|---|---|---|
| 1. | natatangi | a. | daing |
| 2. | nilalang | b. | naiiba o walang katulad |
| 3. | himpapawid | c. | tuyo |
| 4. | panawagan | d. | nilikha |
| 5. | tigang | e. | kalangitan o kalawakan |

4. **Talakayan**
   a. Mga Tanong:
      1) Sino ang tumawag ng pulong?
      2) Ano ang dahilan at tumawag siya ng pulong?



Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

3) Saan nais patirahin ng hari ang mga tao?

4) Bakit hindi naging masaya si Daigdig at ang mga tao?

5) Ano ang ginawa ng hari?

b. Suliranin sa akda

Isa-isahin ang mga suliraning binanggit sa kuwento at sa katapat nito ay ang mungkahi kung paano ito mabibigyang solusyon.

| **Suliranin** | **Solusyon** |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

Muling ikuwento ang binasang tektso sa tulong ng *story gramar.*

| | |
|---|---|
| *Pangyayari* | *Suliranin* |
| *Kakalasan (Solusyon sa Suliranin)* | *Wakas* |


b. (Wika) Simpleng *Graph*

Ang *graph* ay dayagram o balangkas na nagpapakita ng kaugnayan ng dalawa o higit pang impormasyon. Sa pamamagitan ng *graph*, madaling makikita ang bilang ng mga bagay, gastos, at iba pang impormasyon tungkol sa isang usapin.

Ang paksa ng binasa ay tungkol sa suliranin sa kalikasan. Makikita sa mga *graph* sa ibaba ang iba't ibang impormasyong tungkol sa pagsira ng kalikasan.


Mga halimbawa ng simpleng *graph*:

**Dahilan ng Polusyon sa Hangin**




***Pie Graph***
Gumagamit ng hinating bilog sa pagpapakita ng datos.


**Bilang ng Basurang Nakukuha sa *beach***




***Bar Graph***
Gumagamit ng *bar* sa pagpapakita ng datos.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**




***Line Graph***
Nagpapakita ng pagbabago ng datos sa isang panahon.

**5. Paglalapat**

Gumawa ng isang sarbey tungkol sa uri at dami ng basurang itinatapon ng iyong mga kaklase o kakilala sa paaralan. Maaaring ikategorya ang basura sa papel, tirang pagkain, plastik, at iba pa. Gawan ito ng *graph* upang matukoy kung anong uri ng basura ang mas marami niyang naitatapon.

## C. Kongklusyon

**1. Paglalahat**

Madaling matandaan ang isang kuwento sa pamamagitan ng gabay o *story gramar*.

Madaling makita ang impormasyon sa pamamagitan ng pagtatala sa *graph*.

Ang lahat ng suliranin ay may solusyon.

**2. Pagpapahalaga**

Ano kaya ang dapat gawin ng mga tao upang hindi tuluyang masira ang daigdig o ang mundo? Piliin ang mga dapat gawin. Basahin nang malakas ang mga napili at ipaliwanag ang mga ito.

a. Itapon nang maayos ang basura.
b. Huwag dumihan ang mga ilog at dagat.
c. Sirain ang mga puno.
d. Alagaan ang mga hayop.
e. Magtanim ng mga puno.

**3. Takdang Aralin**

Magpasulat sa mga mag-aaral ng isang maikling tula o tugma-tugmaan na may isa hanggang dalawang saknong lamang tungkol sa pangangalaga sa kalikasan.